



## Alamat ng Samar At Leyte

**N**oong unang panahon, ang Pilipinas ay binubuo ng dalawang malaking isla. Ang isa ay nasa Hilagang-Silangan. Ang pinuno nito ay ang higanteng si Amihan. Ang isa pa ay nasa Timog-Kanluran. Ang pinuno nito ay ang higanteng si Habagat. Magkalaban si Amihan at si Habagat.

Namuhay na masagana ang mga tao sa dalawang isla. Dahil maaksaya ang mga nasasakupan ni Amihan, unti-unting naubos ang yaman sa kanilang lugar.

“Pinunong Amihan, wala na tayong mahuling isda dito sa ating karagatan. Ano na ang gagawin natin?” tanong ng mga tao kay Amihan.

Nag-isip nang malalim si Amihan.

“Pumalaot kayo sa dakong Timog ng ating karagatan. Doon kayo mangisda. Magkaroon sana kayo ng maraming huli.”

Sinunod nila si Amihan. Sakay ng kanilang Bangka, pumalaot sila sa dakong Timog.

“Aba! Ang dami nating nahuling isda. Tiyak na matutuwa nito si Amihan!” masayang sabi ng isang mangingingisda.


“Mas mainam kung pupunta tayo sa mas malayo. Tiyak na mas marami ang ating mahuhuli,” udyok ng isa.

Ganun nga ang ginawa nila. Sabik na sabik sila kaya hindi nila napansing napasok na nila ang karagatang sakop ni Habagat.

“Mas mabuting umuwi na tayo. Hindi na ito sakop ni Pinunong Amihan. Bilis! Bumalik na tayo,” sigaw ng pinakamatandang mangingingisda.

Pero huli na nang mapansin nila ito. Nakita na sila ng mga tauhan ni Habagat. At agad silang isinumbong sa kanilang pinuno.

“Mga walang galang! Hindi ako makapapayag na basta-basta na lamang nila papasukin ang ating lugar. Hindi sila dapat makialam sa pag-aari natin!” galit si Habagat.



“Ihanda ang barko at mga armas! Lahat ng malalakas na mandirigma, maghanda. Ituturo natin kay Amihan ang salitang paggalang!

At naghanda ang hukbong pandigma ni Habagat. Lumipas ang ilang araw, natanaw ni Amihan ang barkong pandigma ni Habagat na palapit sa kanilang isla. Agad niyang tinipon at pinasakay ang kanyang hukbo sa kanilang bangkang pandigma.

Sinalubong nila sa gitna ng karagatan ang barko ni Habagat. Sa kanilang pagtatagpo, nilusob ng mga tauhan ni Habagat ang barko ni Amihan. Nagsimula na ang labanan. Nawasak ang kanilang mga barko. Nakapasok ang tubig at dahil dito, nalunod ang maraming tao. Pero nagpatuloy ang labanan. At sa wakas, nagtagpo sina Amihan at Habagat.

“Amihan! Wala kang galang! Bakit mo pinapasok sa karagatan ko ang mangingisda mo?”

“Wala akong alam sa sinasabi mo!” sagot ni Amihan.

“Hindi mo ako maloloko!” sagot ni Habagat.

Sinunggaban ni Habagat si Amihan at tinangkang lunurin. Nang makita ito ng mga tauhan ni Amihan, agad silang sumigaw.

“Pinunong Habagat, kasalanan namin ang nangyari.” Nang marinig ito ni Habagat, bibitawan na sana niya si Amihan nang biglang nasungaban siya nito at hinilang pailalim. Pareho silang nalunod. Kasabay nito, lumubog pati ang kanilang mga barko.



Lumipas ang mahabang panahon at may lumitaw na dalawang isla sa lugar kung saan lumubog ang kanilang barko. Mula noon, naniwala ang mga tao na ang dalawang islang ito ang dalawang higanteng pinunong sina Amihan at Habagat na tinawag na Samar at Leyte.